Republic of the Philippines
**Department of Education**

DepED

***Tanggapan ng Kalihim***
*Office of the Secretary*

JAN 07 2005

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 7 , s. 2005

PAMBANSANG KUMPERENSYA SA FILIPINO: ANG MAKABAYANG PILIPINO, ANG FILIPINO SA MAKABAYAN

Sa mga: Direktor Panrehiyon
Tagapamahala ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan

1. Ang Departamento ng Filipino ng Kolehiyo ng Malalayang Sining ng Pamantasang De La Salle-Maynila ay magdaraos ng isang Pambansang Kumperensya na may paksang "Ang Makabayang Pilipino, Ang Filipino sa Makabayan" na gaganapin sa DLSU, Taft Avenue, Maynila sa Abril 27-29, 2005.

2. Pangkalahatang paksa ng pambansang kumperensiya ang Pagpapalawak at Pagpapalalim ng Kaalaman ng mga Guro at Iskolar Tungkol sa Masalimuot Ngunit Progresibong Pag-angat ng Wikang Filipino Bilang Disiplina.

3. Pagkatapos ng tatlong araw na seminar-worksyap, inaasahang ang bawat partisipant ay:

a. magtataglay ng higit na mataas na antas ng kaalaman at kasanayan tungkol sa mga pagbabago sa pagturo at pagkatuto ng wikang Filipino bilang disiplina;

b. magbubunsod ng mas masigabong pagkilos tungo sa patuloy na paglinang ng wika at lipunan;

c. magagamit ang kaalaman sa pagpapaangat ng wikang Filipino sa lalong mataas na antas ng diskurso.

4. Inaanyayahang dumalo sa pambansang kumperensyang ito ang lahat ng kinatawan ng mga tanggapang sentral ng Departamento ng Edukasyon, Komisyon ng Lalong Mataas na Edukasyon, panrehiyon at pansangay na tagamasid, tagapag-ugnay, at tagapangulo ng departamento sa Filipino ng lahat ng antas ng edukasyon sa mga institusyong publiko at pribado.

5. Manggagaling sa pondong lokal na sasailalim sa mga tuntunin ng awditing o sariling gastos ng kinatawan ang halagang Dalawang Libo't Limandaang Piso (PhP2,500.00) sa bawat seminar, ilalaan sa gugulin para sa seminar kit, hand-awts, sertipiko ng pakikilahok at pagdalo, tatlong tanghalian at anim na meryenda (umaga at hapon), awditoryum, gamit ng internet at iba pang gastusin sa pagpapatakbo ng kumperensya. Hindi kasama dito ang bayad ng tirahan ng mga partisipant.

6. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito sa mga kinauukulan.

FLORENCIO B. ABAD
Kalihim

DepEd Complex, Meralco Ave., Pasig City 1600 633-7208/633-7228/632-1361 636-4876/637-6209 **Website:** www.deped.gov.ph

Sanggunian:
W a l a

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CONFERENCES
Learning Area, FILIPINO

Madel:c:kumperensya sa Pilipino-Dela Salle
12-08-04